

Taon XL Blg. 19 Oktubre 7, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Singilin ang rehimeng Arroyo sa kapabayaan sa mga biktima ng kalamidad

Lipinas (PKP) sa milyun-milyong biktima ng Pilipinas (PKP) sa milyun-milyong biktima ng malawakang pagbaha at pagguho ng lupa sanhi ng bagyong Ondoy at Pepeng sa maraming lugar sa Metro Manila at mga prubinsya. Sa harap ng pagkainutil ng gubyernong Arroyo, nananawagan ang PKP sa malawak na mamamayan na magtulungan at kumilos sa pag-ahon sa mga kalamidad at kahirapan.

mamamayang pwersa na gawin ang lahat ng makakaya para tulungan ang mga nasalanta at lalo pang naghihirap ngayong mamamayan. Kaalinsabay nito, dapat kumilos ang mamamayang Pilipino para singilin ang rehimeng Arroyo sa kriminal na kapabayaan nito sa mga biktima ng kalamidad at responsibilidad nito sa malawakang sakunang dinanas ng mamamayan.

Pinatampok nang husto ng sakunang ito ang sukdulang kainutilan ng mga ahensya ng gubyerno na magsagawa ng mabilis at nararapat na pagsaklolo sa mga biktima. Noong kasagsagan ng mga baha sa Metro Manila, libu-libo ang natulak sa bubong ng kanilang mga tahanan at marami ang ilang araw na naghintay ng saklolong hindi dumating. Marami ang namatay at naulila. Nagpupuyos sa galit sa inutil na gubyerno ang mamamayan, laluna ang mga nakaligtas sa sariling pagsisikap at ang milyunmilyong nakasaksi sa laganap na pagdurusa nitong nakaraang ilang araw.

Sinamantala pa ng rehimeng Arroyo ang banta ng panibagong bagyo upang pwersahang ilikas ang mga maralita ng lunsod para diumano maiiwas sila sa peliqro. Pinagbabawalan sila ngayong magbalik sa kani-

lang mga dampa, samantalang wala namang maayos na paglilipatan sa kanila. Ilampung libo ngayon ang nasa mga evacuation center kung saan laganap ang gutom at

Nananawagan din ang PKP sa lahat ng rebolusyonaryo at maka-

Mga tampok sa isyung ito...

Tulong sa mga nasalanta ng bagyo PAHINA 3 Rebolusyong agraryo sa hanay ng mga Manobo PAHINA 7 Ulat ng ILO sa paglabag ng rehimeng Arroyo PAHINA 14 mga karamdaman.

Ang malawakang pinsalang idinulot ng malakas na buhos ng ulan sa Metro Manila at mga karatig na lunsod, gayundin sa malalawak na sakahan at pangisdaan ay nagpapatampok sa walang pakundangang pagkawasak ng kalikasan at pagkakalbo ng mga kagubatan at kabundukan dahil sa komersyal na pagtotroso. Pinatampok din nito ang sobra-sobrang polusyon at iligal na mga istruktura na bumara sa mga lawa, ilog at look. Ibayo ring tumampok ang bulok na imprastruktura, kabilang ang mahinang sistema ng pagkontrol ng baha at paglilinis sa mga lagusan ng baha sa pambansang kabisera at mga karatiq-lunsod at bayan.

Tumambad din ang napakasamang kalagayan ng pabahay sa lunsod at ang ganap na kawalan ng suportang serbisyo ng gubyerno sa malalawak na lugar kung saan nagsisiksikan ang nakararaming mangqaqawa at maralita—sa mga estero, sa tabi ng mga baradong sapa at mabababang lugar na madaling bahain at tamaan ng iba pang sakuna. Sila ang natural at pangunahing dumanas ng pinakamalulubhang pinsala. Nilunod at tinangay

ng walang kaparis na pagragasa ng baha nitong mga huling araw ang kanilang mga tirahan at halos lahat ng ariarian.

pinsalang Ang dulot ng malakas na ulan at malawakang pagbaha ay patunay ng lubhang kawalang-malasakit, ng walang rendang katiwalian at kapaba- 1 yaan ng mga pambansa at lokal na burukra-

ta, at ng tagibang na prayoridad ng mga programa ng gubyerno na nagresulta sa ganap na kawalan ng kaunlarang panlunsod, pangangalaga sa kapakanan ng mamamayan at avudang panlipunan.

Ang daan-daang namatay at naulila at milyun-milyong natangay, nahiwalay at lubhang napinsalaan bunga ng baha at pagguho ng lupa av biktima di lamang ng natural na sakuna, kundi ng malaon nang katiwalian at kapabayaan ng rehimeng Arroyo.

Sa harap ng sukdulang kapaba-

yaan at kawalang-kakayahan ng bulok na gubyerno na maagap na maglaan ng sapat na rekurso para saklolohan ang mga biktima, milyun-milyong Pilipino ang kusang nag-aambag ng iba't ibang anyo ng tulong para ibsan ang pagdurusa ng mga nasalanta.

Walang

pang ginamit ng ilang ahensya ng gubyerno ang sariling inisyatiba ng ilang pribadong grupo para palabasing pagtulong iyon ng qubyerno. Matapos waldasin sa

kahihiyan

mga byahe at luho nina Arroyo at iba pang katiwalian, nalimas na ang pondong pangkalamidad ng Malacañang, kaya wala nang mailabas ang gubyerno nang humagupit ang mga bagyong Ondoy at Pepenq.

Kaisa ng mga pagsisikap ng iba't ibang sektor ng mamamayan, nagpapakikilos ang PKP, NDFP, mga rebolusyonaryong organisasyong masa at iba pang progresibong pwersa para sumaklolo at umalalay sa mga biktima. Inatasan ng PKP ang mga lokal na yunit ng BHB at iba pang rebolusyonaryong pwersa na pagtuunan ng pansin ang pagsaklolo at pagsuporta sa pagsisimulang muli ng produksyon, paghahanapbuhay at pag-ahon ng mga nasalantang mamamayan.

Sa harap ng mga pangyayari, servosong problema ngayon at sa hinaharap ng milyun-milyong biktima ang higit na kahirapan, kawalan ng bahay, mga gamit, sakahan, pangisdaan at iba pang mapaghahanapbuhayan. Masahol pa'y nangyari ang sakuna sa gitna ng malalang krisis pangkabuhayan sa bansa at buong daigdig.

Sa halip na iahon ang mamamayan sa kahirapan, lalo pa silang pinahihirapan at inaapi ng reaksyunaryong qubyerno. Dapat maqtulungan at kumilos ang mamamayan

Taon XL Blg. 19 Oktubre 7, 2009

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.net Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

N	1	ιa	ιa	П.	ıa

Editorval:

Singilin ang rehimeng Arroyo	1			
Tulong para sa mga nasalanta	3			
Road users' tax: Pork barrel	4			
Matatagumpay na opensiba				
Apat na sundalo patay	5			
Mga opensiba sa Samar	5			
Mga mandirigma, pinarangalan	6			
Rebolusyong agraryo ng Manobo	7			
PKM sa Panay	8			
Panghihimasok-US, kinundena	10			
Pananalanta ng estado	11			
Ulat ng ILO	14			
Balita	16			

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

sa pag-ahon sa dinanas na kalamidad at dinaranas pang papalalang kahirapan.

Sa buong bansa, lalong kailangang maisulong ang iba't ibang anyo at paraan ng pag-oorganisa, kilusan at pakikibaka ng mamamayan para sa trabaho, kabuhayan at katarungang panlipunan. Dapat puspusang pangunahan ito ng mga rebolusyonaryo, progresibo, patriyotiko at demokratikong organisasyon at pwersa sa iba't ibang paraan sa abot ng kanilang kakayahan.

Kaalinsabay, bunga ng nangyaring matitinding sakuna, sa gitna ng patuloy at lalong paghihirap ng mamamayan at sa harap ng kawalan ng anumang pag-asa na may maitutulong ang naghaharing gubyerno at sistema, dapat magpursigi ang mga rebolusyonaryong pwersa sa ibayong pampulitikang pagmumulat, pagoorganisa at pagmomobilisa sa naghihimagsik na mamayan. Dapat pamunuan at gabayan ang sambayanan sa pagtahak sa landas ng pakikibaka at pagbabagsak sa bulok na reaksyunaryo at papet na gubyerno at sistema, at sa pagtatayo ng tunay na mapagmalasakit, maka-mamamayan, makatarungan, malaya at progresibong gubyerno at sistemang panlipunan.

Tulong sa mga biktima ng bagyong Ondoy

Bunga ng hagupit ng bagyong "Ondoy" noong Setyembre 26 ay nalubog sa baha ang malaking bahagi ng Metro Manila at mga karatig-prubinsya. Umaabot na sa 324 ang nasawi (123 sa Metro Manila), 38 ang nawawala at mahigit ₱10 bilyong halaga ng ari-arian at kabuhayan ang nasira ng bagyo. Hanggang dalawang milyong mamamayan ang nawalan ng tirahan, kagamitan at kabuhayan.

Ayon sa Citizens' Disaster Response Center, na isa sa mga naunang nagbigay ng tulong sa mga biktima, matagal nang nabanat ang pondo ng gubyerno para sa kalamidad. Napag-alamang P27 milyon na lamang ang natitira sa P1 bilyong Calamity Fund para sa 2009.

"Serve the People Brigade". Samantala, naglunsad ng mga relief operation ang mga progresibong organisasyon at partido para sa mga nasalanta ng bagyo. Ayon sa Bayan Muna, nakapamahagi na sila ng relief goods sa mga residente sa Metro Manila. Tumulong din ang Gabriela Women's Party, ang partidong Anakpawis at ang

Uno at ang Kalipunan ng Damayang Mahihirap.

Isang feeding program at cleanup drive ang isinagawa ng Kabataan Party sa Marikina, Maynila at Quezon City. Nag-inisyatiba rin ang mga estudyante ng University of the Philippines sa Los Baños, Laguna sa pamamagitan ng pagbuhay sa "Serve the People Brigade". Sa inisyal nilang pagkilos ay nakaipon sila ng ₱25,000 at patuloy pa rin sila sa pangangalap ng tulong.

Malawak ang kampanya ng Migrante sa iba't ibang bansa para mangalap ng ayuda para sa mga biktima. Nagdagsaan ang maraming tulong sa mga tanggapan ng Hongkong, New Zealand, mga bansa sa Middle East at iba pang bansa na pinagtatrabahuhan ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat.

Sa kahirapang magpadala ng mga materyal na tulong sa pamamagitan nila mula sa labas ng bansa, minarapat ng International Office ng NDFP sa Utrecht, The Netherlands na imungkahing donasyong salapi ang ipadalang tulong sa "Ondoy Victims Fund."

Samantala, kasabay ng pakikiramay sa mga pamilya ng mga nabiktima ng bagyong "Ondoy," nanawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), National Democratic Front at mga rebolusyonaryong organisasyon ng tulong para sa mga milyun-milyong mamamayang nasalanta nito sa Metro Manila at 25 prubinsya.

Nananawagan naman ang PKP sa lahat ng rebolusyonaryong organisasyong masa at iba pang rebolusyonaryong pwersa na tumulong sa mga nasalanta ng bagyo. Inaatasan nito ang mga yunit ng

Bagong Hukbong Bayan Hukbong
Bayan sa mga naapektuhang lugar na tumulong sa mga biktima ng kalamidad.Kaugnay nito ay suspendido nang ilang araw ang mga taktikal na opensiba sa mga nasabing lugar upang bigyang-daan ang pagtulong sa kabuhayan at produksyon ng mamamayan.



Road user's tax— Pinakamalaking "pork barrel"

Akailang ulit nang lumilitaw ang kontrobersya sa lansakang pagnanakaw ng mga pinuno ng rehimeng Arroyo sa dambuhalang pondong nanggagaling sa Road User's Tax (RUT) o Motor Vehicle User's Charge (MVUC).

Ang RUT o MVUC ay buwis sa pagrerehistro ng mga sasakyan sa Land Transportation Office (LTO). Ang halagang nalilikom na umaabot sa ₱8 bilyon taun-taon ay pinangangasiwaan ng Road User's Tax Board (RB) na tuwirang nakapailalim sa tanggapan ng presidente. Mula 2001, nagkakahalaga na ito ng ₱56.5 bilyon. Pang-apat na pinakamalaking espesyal na pondo itong tuwirang hinahawakan ng tanggapan ng presidente.

Naiiba ito sa iba pang malalaking pondo ng gubyerno dahil hindi ito bahaqi ng pambansang badyet at sa gayon ay di na dumadaan sa proseso ng pagpaplano at pagrerebyu ng Kongreso ang paggamit nito. Di ito pumapailalim sa anumang pagsusuri, regulasyon at pag-aawdit, maging ng Department of Budget at Commission on Audit. Tinatagurian itong pinakamalaking pork barrel dahil nakabatay lamang sa kapritso ng mga namumuno rito kung saan ito gagamitin. Tuluy-tulov na tinatanggihan nito ang kahilingan ng COA na magsumite ng mga ulat sa mga kita at gastos nito. Makailang ulit na rin itong binalak ng Kongreso na ipailalim sa pagbabadyet at pagrerebyu, pero tuwi-tuwina'y hinaharang ni Gloria Arrovo ang anumang hakbangin ng Kongreso o iba pang sangay ng gubyerno na pakialaman ito.

Magkakutsaba sa pagnanakaw sa pondong ito sina Rodolfo "Dodie" Puno, na nagsilbing General Secretary ng RB sa mahabang panahon, at kapatid niyang si Department of Interior and Local Government Sec. Ronaldo Puno na siyang naglagay sa kanya at iba pang upisyal ng RB sa pwesto. Kasapakat din nila sina Public Works Sec. Hermogenes Ebdane Jr. na siyang tumatayong tagapangulo ng RB, at Gloria Arroyo na siyang nagtalaga sa kanila at nakikipagkutsabahan sa mga pinuno ng RB sa pangungurakot sa pondong ito.

Marami nang nakasampang resolusyon sa Kongreso at kaso sa korte para imbestigahan ang mga anomalya sa paggamit ng RB. Nito lamang Marso, nagsampa ng resolusyon sa Kongreso ang di bababa sa 15 kongresista para imbestigahan ang nawawalang pondo ng RB na ginastos diumano sa

iba't ibang proyekto sa kanilang mga Ayon prubinsva. kay Rep. Carlos Padilla ng Nu-Vizcaya, 2004 noong naglaan av umano mula sa RB ng ₱1 bilyon para sa paq-aayos nq mga kalsada sa Cagayan Vallev kung saan ang ₱400 millyon ay para umano sa mga kalsada sa NueVizcaya. Pero wala namang pondong aktwal na nakarating doon at walang anumang nagawang pagaayos ng mga kalsada.

Sa Eastern Samar, mayroon umanong alokasyong ₱350 milyon para sa mga road sign at guard rail pero wala ring nakarating doon na pera at hindi rin nagkaroon ng anumang proyekto na pinondohan mula sa RB.

Mayroon ding iniulat ang RB na mahigit ₱1 bilyon umanong halagang mga proyekto sa Nueva Ecija na iginawad sa isang kumpanyang nagngangalang Meditech Trade and Development Corp. pero wala ring makitang mga proyekto ang kumpanyang ito sa prubinsya.

Tuwirang nasangkot ang magkapatid na Puno at si Secretary Ebdane sa pangungurakot sa ₱365.8 milyong pondo ng RB sa pamamagitan ng kontrobersyal na pagtatayo ng 1,800 poste ng ilaw bilang paghahanda sa pagdaraos ng pulong ng ASEAN sa Cebu noong 2006. Sobra-sobra ang patong sa presyo ng naturang mga poste. Sa

aktwal ay nagkakahalaga lamang ang mga ito ng P6,737.39, pero ginawa itong tig-P84,000 hanggang P350,000 bawat isa. Ibinasu-



Ombudsman ang naisampang kaso ng korapsyon kaugnay nito.

Noong 2005, isang napakagarapal pang gimik ang ipinakana ni Dodie Puno para mailabas niya nang madalian ang P2 bilyong pondo ng RB. Pinapirma niya ang 70-kataong empleyado ng General Secretariat ng RB na tumanggap umano sila ng tig-P29.2 milyong "bonus" bilang "insentibo" sa kanilang trabaho.

Pero ang pinakamalaki pinaggagamitan ng panq pondo ng RB ay sa mga kampanyang panghahalan ni Arrovo. Noong eleksvon ng 2004, halos nalimas ang pondo nito nang ibuhos ito sa "Project Oyster", isang palabas ng Malacañang para umano'y mabigyan ng trabaho (tulad ng pagkukumpuni ng mga kalsada) ang mga kabataang di nag-aaral. Gayundin, sa panahon ng halalan noong 2007, naglabas ang RB ng ₱24.7 bilyon—tatlong ulit na mas malaki sa koleksyon at karaniwang inilalabas nito sa bawat taon—para sa kung anu-anong mga kadahilanan.

Nakalaan na naman ang kabuuan ng pondo ng RB ngayon sa kampanyang panghahalan ng pangkating Arroyo, laluna't kandidato ngayon nito para sa pagkabise presidente si Puno. Nitong Setyembre, bawat myembro ng League of Governors of the Philippines na nag-endorso sa tambalan nina Defense Secretary Gilbert Teodoro at Ronaldo Puno sa pagka-presidente at bise presidente ay tumanggap ng karagdagang P10 milyon mula sa RB, bukod sa regular na daan-daang milyong pisong pana-panahong alokasyon nila.



Apat na sundalo, napatay sa Agusan del Sur

pat na sundalo ng Alpha Company ng 36th IB ng Philippine Army ang agad napatay nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ng Conrado Heredia Command ng BHB ang sinasakyan nilang trak sa Barangay San Ignacio, Trento, Agusan del Sur nitong Oktubre 3. Isang ripleng M16 ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma.

Kinabukasan, isang pulis ang nasugatan nang tambangan ng mga Pulang gerilya ang isang komboy ng 1406th Provincial Mobile Force sa Tagbina, Surigao del Sur.

Nakasagupa naman ng BHB noong Setyembre 30 ang mga nagpapatrulyang tropa ng 26th IB sa magubat na hangganan ng Barangay Kinampay, Las Nieves sa Agusan del Norte at Barangay Esperanza sa Agusan del Sur. Isa ang napatay at isa pa ang nasugatan sa mga sundalo.

Sinalakay naman ng BHB ang upisina ng isang sangay ng Dole-Philippines, isang multinasyunal na kumpanya, sa Barangay San Carlos, Valencia City sa Bukidnon noong Setyembre 23. Kinumpiska ng mga Pulang mandirigma ang isang Thompson submachine gun at isang shotgun ng mga armadong bantay nito.

Mga opensiba sa Samar

alawampu't tatlong sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang napatay at anim na iba pa ang nasugatan sa mga taktikal na opensiba (TO) na inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa Northern at Eastern Samar mula Hunyo hanggang kalagitnaan ng Agosto.

Agosto 16. Agad bumalik sa kanilang hedkwarters ang tropa ng 63rd IB na nag-ooperasyon sa Barangay Cuenco, Las Navas, Northern Samar matapos masamsam ng isang iskwad ng Rogelio Bantilo Command ng BHB ang suplay nilang pagkain. Dahil dito, natigil ang operasyon ng mga sundalo.

Agosto 5. Labing-isang sundalo ng 63rd IB ang napatay nang makalaban nila ang isang yunit ng Silvio Pajares Command (SPC) ng BHB sa bayan ng Palapag. Unang namataan ng mga Pulang mandirigma ang kaaway at agad sila pumusisyon para ambusin ang mga tropang militar.

Hunyo 15-17. Walo ang kumpirmadong napatay na mga sundalo sa

tatlong operasyong isnayping na inilunsad ng Rodante Urtal Command (RUC) laban sa 20th IB sa Barangay E. Duran, Bobon noong Hunyo 17. Nagsasagawa ng operasyong pagtugis ang naturang mga tropa matapos iharas ng mga Pulang mandirigma ang kampo ng 52nd IB sa Barangay San Pascual, Catarman noong Hunyo 15.

Iniulat naman ng Sergio Lobina Command (SLC) ng BHB na apat na sundalo ng AFP ang napatay nang makasagupa nito ang mga sundalo sa Barangay Caglao-an, Dolores, Eastern Samar noong Hunyo 4. Naagaw ng mga Pulang mandirigma ang inisyatiba sa kaaway kahit unang nakapagpaputok ang mga ito.



Mga Pulang mandirigma, pinarangalan

Pinarangalan ni Gregorio Bañares, tagapagsalita ng NDF-Bicol, ang walong Pulang mandirigmang nasawi sa labanan sa pakikipaglaban sa 8th Scout Rangers Company sa Barangay Mabanate, Pilar, Sorsogon nitong Setyembre 25.

Ang mga nasawing mandirigma ay kinilalang sina Jonathan "Ka Ely" Balasta ng Irosin; Ka Tangkad, Ka Rema at Ka Rannie ng Castilla; Ka Jun ng Matnog; Ka Teddy at Ka Rudy ng Bulan; at Ka Diego ng Casiguran, Sorsogon. Kasabay ng parangal, ipinahayag ni Bañares ang lubos na pagdadalamhati ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kanilang pag-aalay ng buhay.

Halos 500 katao ang nakipaglibing kay Ka Ely kahit umuulan noong Oktubre 1 sa Irosin, Sorsogon.

Sa panayam ng Philippine Daily Inquirer, sinabi ni Gng. Alicia Balasta, ina ng nasawing medik ng BHB, "Hindi ako nanghihinayang kahit maagang namatay ang aking anak dahil alam kong nalubos niya ang pinili niyang buhay. Patunay niyon ang dami ng nakipaglibing sa aking anak."

Kinundena rin ni Bañares ang pagkakadamay ng tatlong sibilyan sa pamamaril ng militar. Isang sibilyan ang napatay at dalawa, kabilang ang isang buntis, ang nasugatan sa insidente.

Pinarangalan din ni Bañares si Ka Papay na nasawi sa isa pang labanan sa Manito, Albay noon ding Setyembre 25.

Mga operasyong militar sa Samar, bigo

Labing-apat na mga elemento ng 34th IB at Scout Rangers ang napatay at di bababa sa lima ang nasugatan sa mga aksyong militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Samar mula Pebrero hanggang Hunyo.

San Jorge. Limang elemento ng militar ang nasawi nang isnaypin sila ng isang tim ng Arnulfo Ortiz Command ng BHB (AOC-BHB) noong Mayo 28. Noong Hunyo 5, dalawang sundalo ng AFP ang nasugatan sa dalawang operasyong harasment ng AOC-BHB sa bagong kolum ng kaaway sa Barangay Bayang.

Paranas. Isang sundalo ang napatay nang makalaban nila ang isang iskwad ng Silvio Pajares Command ng BHB (SPC-BHB) sa Barangay Nawi noong Marso 16. Dalawang sundalo naman ang napatay at isa ang nasugatan sa operasyong isnayp na inilunsad ng SPC-BHB sa Barangay Anagasi noong Marso 21. Isa pang sundalo ang nasugatan nang isnaypin ng SPC-BHB sa Barangay Nawi noong Marso 29.

Inilunsad din ng SPC-BHB ang operasyong pag-agaw sa suplay na pagkain ng mga tropa ng RSOT sa

Barangay Anagasi noong Marso 31 at sa Barangay Tapul noong Abril 17.

San Jose de Buan. Napatay ang isang sundalo nang makasagupa ng isang yunit ng AOC-BHB ang mga tropang militar sa Barangay Calundan, San Jorge noong Marso 25. Isa pang sundalo pa ang napatay nang isnaypin ng AOC-BHB sa Barangay Can-aponte, San Jose de Buan.

Matuguinao. Isang sundalo ang napatay nang tambangan ng yunit ng milisyang bayan ang nagoperasyong tropa ng 20th IB sa Barangay Carolina noong Marso 16.

Jiabong. Isang Ingram submachine gun ang nasamsam ng BHB mula kay Rogel Gabin, elemento ng lambat-paniktik at grupong mamamatay-tao ng militar sa isang espesyal na operasyon ng isang tim ng AOC sa Barangay Cantungtong noong Pebrero 16.

Militar sa Eastern Samar, tumangging pumirma sa kasunduan para igalang ang karapatang-tao

TUMANGGI ang mga upisyal ng 14th IB na pumirma sa isang Memorandum of Agreement (MOA) na nagsasaad na rerespetuhin nila ang karapatang-tao ng mamamayan sa mga lugar na saklaw ng kanilang mga operasyon. Ang laman ng MOA ay walang iba kundi mga pag-uulit lamang ng mga probisyon ng umiiral na mga batas hinggil sa karapatang-tao na kinikilala ng konstitusyon ng 1987 at ng mga pandaigdigang kasunduan.

Ang pirmahan ay gagawin sana matapos ang dayalogo nitong Oktubre 5 sa Gen. McArthur, Eastern Samar na dinaluhan ng 600 magsasaka, mga kinatawan ng Commission on Human Rights, mga taong-simbahan, mga upisyal ng lokal na gubyerno ng Gen. McArthur at mga upisyal ng 14th IB. Ang dayalogo ay inorganisa ng Alyansa han Nagkakaurusa nga Parag-uma, Negosyante ngan Barangay Konseho (AKAP NA KAMO).

Ayon sa Katungod-SB, sa pagtanggi ng 14th IB na pirmahan ang MOA, ipinakikita rin nito ang kawalan ng sinseridad nitong itaguyod ang karapatang-tao.

Rebolusyong agraryo sa hanay ng mga Manobo

Dati ay hindi kami kinikilala bilang tao ng reaksyunaryong gubyerno. Malala ang diskriminasyon at wala kaming kapangyarihan. Pagdating lamang ng rebolusyonaryong kilusan kami itinuring na tao.

— Ka Sot, lider ng Lumad.

ekada 1950 nang unang pasukin ng dayuhang mga kumpanya sa pagtotroso ang kagubatang bahagi ng lupang ninuno ng mga Manobo sa Mindanao. Inangkin at dinambong ng mga kumpanyang ito ang libu-libong ektaryang kagubatan matapos ideklara ng reaksyunaryong gubyerno na walang taong naninirahan sa naturang mga lugar. Buu-buong mga komunidad ang natulak sa pusod ng kagubatan, na lalong naghiwalay sa mga Lumad sa pangunahing daloy ng ekonomya.

Marami pang mga kumpanya ang nakisalo sa pandarambong, kabilang ang mga kumpanya sa pagmimina. Gamit ang pwersang militar at reaksyunaryong batas, tuluyan nang pinalayas ang mga Lumad mula sa kanilang mga lupa at naunang kabuhayan.

Nagbago ang takbo ng kasaysayan ng mga Manobo nang dumating ang mga Pulang mandirigma noong 1981. Mabilis na inalam ng mga rebolusyonaryo ang kalagayan at mga usapin ng mga komunidad. Nakipag-usap sila sa mga datu at nagbuo ng mga plano upang bawiin ang kanilang lupang ninuno.

Kasama ang mga datu, binuo nila ang mga organisasyong masa na naging daluyan ng

pagkilos.

Nagkaroon ng boang ses mqa agawan nq lupa. Inilunsad ang una at matagumpay kampanya (laban pagtotroso. Iginiit nila ang kanilang presensya sa dating mga erya sa gilid ng haywey upang muling bawin ang lupang kinamkam sa kanila. Nabawi nila ang lupa at kalauna'y malaya silang nakapagtanim.

Naharap ang mga lantarang abuso. Napalayas ang mga dayuhang kumpanya dahil sa matatag na pagkakaisa ng mga konseho sa komunidad at mga Pulang mandirigma.

Dito nagsimula ang binhi ng rebolusyong agraryo sa lugar.

Nagbuo ng mga patakaran

kaugnay sa pagtotroso at pagmimina. Nailuwal ang makasaysayang kasunduang Malanday sa isang pulong ng mga pinuno ng tribo noong 1993, kung saan itinakda ng masa ang mga patakaran katulad ng pagbabawal ng pagtrotroso sa ilang mga lugar.

Sistematikong produksyong agrikultural

Dati-rati ay umaasa lamang ang mga Lumad sa pagkakaingin, pangingisda at pangangaso na sa kalakhan ay nakaasa sa likas na yaman ng gubat. Noong unang bahagi ng dekada 1980, sinimulan ng mga Pulang mandirigma ang pagtuturo ng makabago at produktibong paraan ng pagtatanim. Ipinatupad ang programang "Ekonomyang Sarang sa Kaugalingon" (ekonomyang nakaasa sa sarili) simula 1987.

Bagamat hindi naging madali sa umpisa, walang sawang pinangasiwaan ito ng mga mandirigma. Direktang pinangasiwaan ng Pulang hukbo ang pagtatanim. Maging ang pamamahagi ng mga pan-

tanim na niyog, saging at abaka sa iba't ibang komunidad ay pinangunahan ng mga Pulang gerilya.

Bunga ng naturang programa, nagtatanim na ang mga komunidad ng Lumad para sa sariling konsumo at ang dating palipat-lipat na kalakaran ay unti-unti nang nabago. Naging mas permanente ang kanilang lokasyon at naging istable ang kabuhayan nang maging mas sistematiko na ang produksyong agrikultural ng mga komunidad.

Nagtanim ng dalawang tipo ng produkto—pangmatagalang tanim tulad ng abaka at yantok na pambenta, at tanim na pangkonsumo tulad ng mga gulay. Bukod sa pagtatanim, mayroon ding manukan at babuyan. Ramdam na ramdam ng masa ang biyaya ng rebolu-

syong agraryo.

Lumaganap ang hungos o bayanihan. Niregularisa ang produksyon ng yantok sa pamamagitan ng organisadong pagputol nito. Sa isang lugar, sa isang takdang panahon lamang maaaring magputol upang matiyak na hindi lubusang mauubos ang vantok sa komunidad. Nakabuo ng komunal na taniman para sa mga organisadong masa at kanilang Pulang hukbo, at mayroon ding indibidwal na taniman kung saan ipinatutupad ang hungos. Ipinagbawal ang pagsasanla ng lupa upang maiwasan ang pagsibol ng bagong panginoong maylupa. Sa gipit na pagkakataon, pinangangasiwaan ng komunal na taniman ang naisanlang lupa at ibinabalik ito sa naluqing maqsasaka paqkaahon nito sa utang.

Kalagitnaan ng dekada 1990, unti-unting umunlad ang kabuhayan ng mamamayang Manobo. Ang binhi ng rebolusyong agraryo na ipinunla ng Pulang hukbo ay sumibol bilang matatag na kilusang masa. Ang organisadong masa mismo ang nagpalaganap ng programa sa mga karatig-baryo. Kung dati ay labis silang nakasalalay sa likas na yaman ng gubat, napagyaman ng mga Lumad ang kanilang lupa mula sa sariling pawis.

Rebolusyonaryong ani

Ang mayamang kasaysayan ng kanilang pakikibaka ang nagsilbing armas nila sa patuloy na paglaban. Umani sila ng lahatang-panig na tagumpay. Napangalagaan ang kalikasan. Natiqil sa kanilang mga erya ang lansakang pagwasak sa kapaligiran na dulot ng mapaminsalang pagtotroso at pagmimina. Umunlad ang organisasyong masa at lumawak ang gawaing alyansa para ipagtanggol ang kalikasan at lupang ninuno hanggang sa pambansang antas. Lumakas ang kapangyarihan ng konseho ng kanilang mga lider.

Napanghawakan nila ang Pulang kapangyarihan. Napatalsik noong dekada 1980 ang maraming malalaking kumpanya. Ipinagbawal ang pandarambong ng mga kum-

panyang kumprador. Nabawi ang libu-libong ektaryang lupang ninuno at ipinangasiwa ito sa kolektibo at indibidwal na pag-aari.

Umunlad ang kabuhayan ng mamamayan. Nagigipit na lamang sila tuwing may militarisasyon. Maging ang mga setler ay nabiyayaan din ng mga tagumpay ng rebolusyong agraryo. Marami sa mahihirap na magsasaka na dayo mula sa mga karatig na prubinsya at isla ay pinayagang magtanim sa mga nabawing lupa.

Pinatunayan ng mayamang karanasan ng mamamayan dito na ang rebolusyong agraryo ang nagbibigkis at nagpapatibay ng pagkakaisa ng masa. Sa kabila ng paulitulit na pananalanta ng estado, ipinagtatanggol ng mamamayan ang karapatan nila sa lupang ninuno. Susi rito ang biyaya ng rebolusyong agraryo na inani sa mahabang panahon ng militanteng pakikibaka ng mamamayan. Ang tagumpay na ito ay nagsisilbing inspirasyon sa marami pang prubinsya at rehiyon sa Mindanao.

Pagbubuo ng balangay ng PKM sa Panay

Ang sumusunod ay halaw sa isang artikulong inilathala sa Daba-Daba, ang rebolusyonaryong pahayagang masa sa Panay. Ibinabahagi nito ang karanasan sa pagbubuo ng isa sa mga balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid sa isang larangang gerilya sa Panay.

atagal na ang rebolusyonaryong pagkilos ng mga mamamayan sa Barangay Buhay. Ngunit pansamantalang humina ang kanilang organisasyon mula noong 1988 hanggang 1996 dahil sa maling linyang pampulitika at matinding atake ng kaaway. Muling tumibay ang samahan ng magsasaka noong 1998 sa balangkas ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) ng Partido.

Sa pagsulong ng rebolusyong agraryo ay kanilang nilabanan ang pangangamkam ng mga panginoong maylupa at ng



ANG BAYAN Oktubre 7, 2009

Philippine Army ng 3rd Infantry Division (3ID). Sa ngayon ay patuloy nilang binubungkal ang halos 1,000 ektaryang lupa nang walang upa. Noon, ang mga magsasaka ay pwersadong magbayad ng upa sa Philippine Army tuwing anihan dahil ang kanilang lupa ay inaangking bahagi umano ng Philippine Army Reservation.

Nilabanan at nabigo rin nila ang pagtatangka ng kaaway na pahinain at durugin ang kanilang samahang magsasaka at rebolusyonaryong kilusan sa kabuuan mula noong unang taon pa lamang ng pagkakabuo nito hanggang sa pagpapatupad ng Oplan Bantay Laya 1 at 2.

Nabuo at napatatag ang sangay ng Partido na siyang gumagabay sa samahang masa at milisyang bayan. Ang mga kadre at kasapi ng sangay ng Partido ay napanday at handa sa mga sakripisyo sa pagpapatupad ng mga gawain sa harap ng mga atake ng kaaway at iba pang kahirapan.

Tuluy-tuloy ang partisipasyon ng mamamayan sa iba pang hayag at tagong pakikibaka. Sa katunayan, umaabot na sa 63% ng kabuuang kabahayan ang napakilos. Mahigpit na nagtutulungan ang konseho ng barangay sa mga hayag na pagkilos at sa paglutas ng mga suliranin ng taumbaryo.

Nasimulan din nila ang kilusang kooperatiba at nakatulong ito na maibsan ang epekto ng krisis sa ekonomya at pagsasamantala ng mga panginoong maylupa at mayayamang magsasaka.

Marami rin ang nasanay na mga aktibistang masa na may kakayahang mamuno sa antas-barangay na pagkilos, sumampa sa Bagong Hukbong Bayan bilang mga buongpanahong Pulang mandirigma at naging mga kasapi at kadre ng Partido.

Aktwal na asembleya. Alas-9 ng umaga nang simulan ang asem-



bleya. Nagkaisa ang mga delegado sa layunin ng pagtitipon para mapataas ang antas ng kanilang rebolusyonaryong organisasyon mula sa Komiteng Pang-organisa ng Magsasaka (KPM) tungo sa pagbubuo ng balangay ng PKM. Nirepaso nila ang naipatupad na mga gawain at nadaanang mga problema. Nagkaisa rin silang maghalal ng mga kasapi ng konseho ng PKM sa pamamagitan ng lihim na balota.

Bago magbotohan ang mga 80 delegadong magsasaka, nilinaw muna ang pamantayan kung sino ang may kakayahan sa kolektibong pamumuno. Masaya sila sa kanilang pagpili ng magiging kasapi ng konseho ng balangay ng PKM dahil dito nila aktwal na naranasan ang tunay na demokrasya. Dito rin nakita ang antas ng konsolidasyon ng organisasyong masa.

Tumulong ang mga Pulang mandirigma sa pagbibilang ng mga balota.

Matapos manumpa ang nahalal na konseho ay binigyan ang bawat isa ng pagkakataong magbigay ng kani-kanyang mensahe. Programa sa pagkilos. Matapos pagtibayin ng asembleya ang pagtatasa na inilahad ng pinuno sa organisasyon, pinagkaisahan nila ang programa ng isang taong pagkilos ng PKM. Pangunahing laman nito ang pagpapalawak at pagpapatatag ng kanilang samahan, pagpapalakas ng kanilang kooperatiba at iba pang proyekto para sa kagalingan ng mamamayan. Maglulunsad sila ng kampanya sa pagpapataas ng produksyon at mga pagsasanay kaugnay dito. Patuloy ding ipagtatanggol ang mga tagumpay ng rebolusyong agraryo, laluna hinggil sa nakumpiskang lupa at mag-aambag sila sa kampanyang pagbigo ng OBL2 at iba pang maiitim na pakana ng kaaway.

Sa partikular, patuloy nilang lalabanan ang pagbabalik ng kontrol ng mga panginoong maylupa sa lupa na kanilang sinasaka at bibiguin ang kontra-rebolusyonaryong pakana ng Reengineered Special Operations Team (RSOT) ng militar at ang pagbubuo ng mga detatsment at pagrerekluta ng CAFGU at impormer ng kaaway.

Tutulong ang PKM sa pagrerekluta ng mga Pulang mandirigma, bukod sa pagbibigay ng iba pang suporta sa armadong pakikibaka. Magsasanay din ito ng mga lokal na medik at palalakasin ang kampanyang medikal nang may diin sa pag-iwas sa sakit.

Nagtapos ang asembleya nang mga alas-5 ng hapon. Pagkatapos maitakda ang susunod na pulong ng konseho ng PKM at iba pang mga usapin, umuwi ang mga delegadong magsasaka na mahigpit ang kanilang pagkakaisa at buo ang determinasyong pag-ibayuhin pa ang pagsusulong ng kilusang magsasaka. Tinunton nila pauwi ang iba't ibang landas ngunit iisa lamang ang kanilang direksyon—ang pagtatagumpay ng kilusang magsasaka at ng pambansang demokratikong kilusan.

PKP, nagbabala laban sa pag-igting ng panghihimasok-militar ng US

Binalaan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang US na huwag gamitin ang pagkamatay ng dalawang sundalong Amerikano sa Sulu noong Setyembre 29 para bigyang-katwiran ang pagpapaigting ng panghihimasok-militar nito sa bansa. Iginiit din ng PKP ang paglisan ng lahat ng tropang Amerikano sa bansa, ang pagtigil sa operasyon ng 600-kataong Joint Special Operations Task Force-Philippines at ang pagbabasura sa makaisang panig na Visiting Forces Agreement (VFA).

Namatay sa Barangay Kagay, Indanan, Sulu ang dalawang sundalo ng US Special Forces at isang elemento ng Philippine Marines samantalang dalawa pa ang nasugatan nang masabugan ng bomba sinasakyan nilang Humvee. Ang mga namatay na tropa ng US ay sina S/Sgt. Jack Martin at Sqt. 1st Class Christopher Shaw, kapwa mga elemento ng 3rd Battalion, 1st Special Forces Group. Samantala, ang elemento ng Philippine Marines na namatay ay nakilalang si PFC Jerwin Estrada.

Ayon mismo sa pahayag ng US Department of Defense, and dalawang napatay na mga sundalong Amerikano ay nasa Pilipinas para suportahan ang "Operation Enduring Freedom," ang bansag sa teroristang gerang inilulunsad ng US sa Iraq, Afghanistan at sa ikalawang larangan umano nito sa Mindanao. Ito ang kauna-unahang pagkakataong may namatay na tropang Amerikano sa isang combat zone sa Mindanao. Ang kanilang pagkamatay ay nagpapatunay na sangkot ang mga sundalo ng US sa kombat.

Bago ito, 37 elemento ng AFP at PNP ng napatay sa sunud-sunod na sagupaan sa pagitan ng Abu Sayyaf at militar sa Indanan mula Setyembre 19 hanggang Setyembre 21.

Anang PKP, hindi ito ang una at huling pagkakataong mabubunyag

ang pagpasok ng mga sundalo ng US sa mga combat zone at ang aktwal na paglahok nila

sa mga operasyong pangkombat sa Pilipinas.

Nanawagan ang PKP sa mamamayang Pilipino at Amerikano na igiit sa gubyernong Obama na iatras nang lahat ang mga tropa ng US sa bansa upang maiwasan ang pag-igting ng mga operasyong pangkombat na kinasasangkutan ng mga sundalo ng US at huwag matulad ang Pilipinas sa Iraq at Afghanistan. Ayon sa PKP, hindi rin nanaisin ng mamamayang Amerikano na masangkot muli sa gerang tulad ng sa Vietnam War.

Tinuligsa rin ng PKP ang paggamit ng gubyernong US sa katatapos na mga sakunang tumama sa Pilipinas upang bigyangkatwiran bilang umano'y mga misyong humanitarian ang pagpapakat ng dagdag na interbensyunistang tropang militar, na ngayo'y sa Kamaynilaan at mga karatig-prubinsya na mismo.

Daan-daan nang sundalong Amerikano mula sa US Pacific Command sa Okinawa ang ipinadala sa bansa mula noong isang linggo. Noong Oktubre 5, dalawang barkong pandigma ng US ang dumaong sa Manila South Harbor lulan ang di tukoy na bilang ng sundalo at kagamitan. Noon namang linggo, isa pang pangkat ng 3rd Marine Expeditionary Force ng US ang dumating mula sa Japan.

Balance Piston Exercises sa Samar, inilihim sa publiko

SADYANG itinago ng 8th IDPA ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa publiko ang pagpasok ng mga tropang Amerikano na lumahok sa pinagsanib na pagsasanay-militar sa Samar sa ilalim ng "Balance Piston 2009." Inilunsad ito sa Camp Gen. Eugenio Daza, punong himpilan ng 801st Infantry Brigade ng Philippine Army sa Barangay Fatima, bayan ng Hinabangan, Samar. Natapos ito nang halos walang publisidad sa midya noong Agosto 28.

Ang paglilihim na ito ng AFP ay bunsod ng sunud-sunod at mala-wakang mga kilos protesta na inilunsad laban sa naunang pagsasanay ng "Balance Piston 2009" sa Camp Gen. Macario Peralta, Jr. sa 3rd IDPA sa bayan ng Jamindan, Capiz sa Panay noong Enero-Pebrero at sa mga prubinsya ng Albay, Sorsogon at Masbate sa rehiyon ng Bicol noong Abril.



Ka Joema, inalis sa talaan ng mga terorista ng EU

Inalis na ang pangalan ni Prof. Jose Ma. (Ka Joema) Sison sa talaan ng mga terorista ng European Union (EU), alinsunod sa desisyon ng European Court of First Instance (EFCI) sa Luxembourg noong Setyembre 30 na nagpapawalambisa sa naunang desisyon ng Council of the European Union.

Ayon sa EFCI, walang katarungang pinanatili ng Council of the EU si Ka Joema sa listahan ng mga umano'y terorista nang walang matibay na ebidensya na sangkot siya sa anumang partikular na akto ng terorismo.

Si Ka Joema ay walang katarungang pinahirapan mula noong 2002 dahil sa pagbilang sa kanya sa talaan ng mga diumano'y terorista. Pinagkaitan siyang magkaroon ng tirahan, maghanapbuhay, tumanggap ng living allowance, magkaroon ng sapat na insurance coverage, tumanggap ng old-age pension at bumyahe nang walang sagka.

Ayon kay Ka Luis Jalandoni, tagapangulo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) *ne*- makatarungang pagkakatala ni Ka Joema at dalawang mayor na alyadong organisasyon ng NDFP, ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan (BHB), ay seryosong nagsapanganib sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at NDFP. Matapos mapabilang sila sa talaan ng mga terorista ng US, Council of the EU at iba pang gubyerno, iginiit ng GRP sa NDFP na pirmahan na nito

ang makaisang-panig na "pinal na

kasunduan" upang malihis ang

atensyon ng mamamayan sa tunay

na mga ugat ng gera sibil at sa pa-

ngangailangan ng mga repormang

sosyo-ekonomiko at pampulitika.

gotiating panel, and di

Binalewala ng "pinal na kasun-

duan" ang sampung-puntong kasunduang pangkapayapaan na binuo ng magkabilang panig at kara-karakang iginiit ang pagsuko ng NDFP. Isinaisantabi ang mahahalagang

kahilingan ng mamamayan para sa repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika.

Ngayong natanggal na sa listahan ng EU ng mga "terorista" si Ka Joema, hepeng konsultant sa pulitika ng NDFP, pwede itong magsilbing paborableng kondisyon para sa usapang pangkapayapaan. Nanawagan si Jalandoni sa lahat ng mga tagapagtaguyod ng kapayapaan sa Pilipinas at sa ibayong dagat na igiit ang muling paglulunsad ng usapang pangkapayapaan at paglutas sa mga ugat ng gera sibil.

Sa kabila nito, iginigiit pa rin ng Malacañang na kahit na naibasura na ang mga kaso laban kay Ka Joema sa ibang bansa, nananatili pa rin ang mga kaso niya rito at aarestuhin pa rin siya pag bumalik siya sa bansa.

Lider-magsasaka, pinaslang ng RPA sa Negros

TINADTAD ng punglo hanggang sa mapatay si Reynaldo Bucaling, 41, tagapangulo ng Pakigdait sa Kalambu-an sa Kambayugo (PSK) at kaanib ng National Federation of Sugar Workers (NFSW), habang nagluluto sa kusina ng kanyang bahay sa Purok Dalia, Barangay Bug-ang, Toboso, Negros Occidental nitong Oktubre 5.

Ayon kay Nida, asawa ng biktima, ang mga salarin ay mga elemento ng bandidong Revolutionary Proletarian Army (RPA). Si Bucaling ay pang-apat na biktima ng nasabing kontra-rebolusyonaryong armadong grupo mula Hulyo nitong taon.

Buntis, namatay sa pambobomba ng mga tropang Amerikano at AFP

ISANG 19 na taong gulang na babaeng nagdadalantao ang namatay matapos ang walang pakundangang pangangayon at pambobomba mula sa ere ng pinagsanib na mga pwersa ng AFP at US noong Setyembre 20 sa Sityo Talibang, Barangay Buansa, Indanan, Sulu.

Ayon sa ulat ng Kawagib Alliance for the Advancement of Moro Human Rights at Indanan Social Welfare Office, ang biktimang nagngangalang Wilma Ambil ay agarang namatay.

Marami ring mga bahay ang napinsala sa panganganyon at pambobomba.



Premyadong manunulat, tinitiktikan ng militar

TINITIKTIKAN ng militar si Jun Cruz Reyes, isang progresibo at premyadong manunulat, propesor sa University of the Philippines at pintor. Kasama ang National Artist na si Bienvenido Lumbera, isa si Reyes sa mga alagad ng sining na nagprotesta sa pakikialam ng Malacañang sa pagpili sa mga National Artist.


Ayon kay Reyes, walong lalaking sakay ng isang puting van ang nagbantay sa labas ng kanyang tahanan sa Sta. Elena, Hagonoy, Bulacan noong gabi ng Setyembre 10. Noong Setyembre 13, isang lalaki ang lumapit sa kanya sa loob ng kampus ng UP at nilitratuhan siya. Kinagabihan, isang itim na van ang pumarada malapit sa kanyang tahanan.

Aniya, taong 2006 nang makatanggap siya ng mensaheng text na nagsabing nasa order of battle siya ng militar sa rehiyon na noo'y nasa ilalim ng pamumuno ni Maj. Gen. Jovito Palparan. Agosto 2007 nang tangkain ng ilang lalaki na pasukin ang kanyang tahanan na napigilan nang magising ang kanyang mga kapitbahay dahil sa kahol ng kanyang mga aso.

Nobyembre 2007 naman nang puntahan ng mga unipormadong militar ang kanyang kapitbahay. Hinanap si Reyes ng mga ito at tinangkang bayaran ng ₱20,000 ang kanyang kapitbahay kapalit ng impormasyon hinggil sa kanyang kinaroroonan. Sa panahong ito rin nahinto ang regular na pagsasanay ni Reyes ng mga batang manunulat sa Hagonoy dahil sa matinding harasment sa kanila ng militar.

Dinukot na aktibista, natagpuan sa kampo ng AFP

Tatagpuan ng kanyang mga kamaganak nitong Setyembre 17 sa isang kampo ng militar sa Cagayan si Noriel Rodriguez, 26, kasapi ng Anakbayan. Si Rodriguez ay natagpuan sampung araw matapos siyang dukutin. Ikinulong si Rodriguez sa mga kampo ng 17th IB sa Barangay Masin, Alcala, Cagayan. Bakas sa katawan ng aktibista ang tortyur na tinamo niya sa kamay ng militar.



Setyembre 6 nang dukutin ng mga armadong lalaki si Rodriguez sa Gonzaga, Cagayan. Pumunta ang kanyang pamilya sa Commission on Human Rights (CHR) noong Setyembre 17 kung saan napag-alaman nila mula sa isang imbestigador nito na si Rodriguez ay nakadetine sa kampo ng 17th IB. Nang puntahan ng pamilya ni Rodriguez at apat na kinatawan ng CHR ang kampo, sinabi ni Lt. Col. Lawrence Mina, hepe ng 17th IB na si Rodriguez ay kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ayon sa sinumpaang salaysay ni Rodriquez, nais ng militar na ilagay niya ang kanyang thumbmark sa isang kasulatang nagsasaad na siya ay sumukong myembro ng BHB. Nakalagay sa kasulatan na kabilang si Rodriguez sa mga nakasagupa ng militar sa Cumao, Gattaran, Cagayan at kaya hindi siya pinaputukan ng militar ay dahil siya ay kanila umanong asset. Ibinitin siya ng militar nang tumanggi siyang ilapat ang kanyang thumbmark sa kasulatan. Tinalian siya sa leeg at hinila ito pataas habang hinahawakan at hinihila naman ng isa pang sundalo ang kanyang katawan pababa.

Sa loob naman ng 30 minuto

ay hinipan ang kanyang kaliwang tainga gamit ang isang straw habang tinatakpan ang kanyang bibig at kanang tainga. Sinaktan din siya ng mga sundalo sa loob ng isang sasakyan. Isang sundalo rin ang nagkasa at nanutok ng kalibre .45 sa likurang bahagi ng kanyang ulo. Binantaan siyang papatayin, pati ang kanyang pamilya. Pinagsisipa at binugbog si Rodriguez sa loob ng isang araw. Pilit na ipinatuturo sa kanya ang isang kampo ng BHB. Napilitang pumirma sa kasulatan si Rodriguez dahil sa labis na pagpapahirap sa kanya ng mga sundalo.

Matapos pakawalan ng mga sundalo, bumyahe si Rodriguez at ang kanyang pamilya papuntang Maynila kasama ang CHR at isang grupo ng mga sundalo sa pamumuno ng isang Colonel Matutina. Biniqvan ng militar si Rodriguez ng isang cellphone at sim upang makontak umano siya para sa pinalalabas ng militar na trabaho niya bilang asset. Ginwardyahan ng militar sa byahe si Rodriguez hanggang sa kanyang bahay kung saan 30 minutong nanatili at nag-ikot ang mga sundalo. Kinunan ng litrato and bahay pati and mga nakakwadrong larawan ng mga pin-

san niya.

Binatikos ng Tanggulan Youth Network for Human Rights and Civil Liberties ang CHR sa pahayag ng upisina nito sa Cagayan Valley na tapos na ang kaso matapos pakawalan si Rodriguez. Tinuligsa ng Tanggulan ang CHR dahil alam nitong hawak ng militar si Rodriguez subalit wala itong ginawa bago pa pumunta ang mga kamag-anak ni Rodriguez sa tanggapan nito.

Samantala, sa Iloilo, hinuli ng mga sundalo ng 82nd IB ng Philippine Army si Jose Gabion at asawa nitong si Rosemarie, parehong mga magsasaka at residente ng Barangay Tigbanaba, Igbaras. Kinabukasan, pinalabas sa midya ng militar na ang mag-asawang Gabion ang siya umanong nagturo sa kampo raw ng BHB sa Sityo Tigbasa na sakop ng Barangay Tigbanaba. Gayunman, saksi ang mga taumbaryo na napakalayo ng bahay ng mag-asawa sa nasabing kampo at wala silang anumang alam dito. Dahil nabigo ang militar sa kanilang pakay ay pilit nilang pinaamin ang mag-asawa na sila ay mga kasapi ng BHB.

Mga Lumad sa Talaingod, biktima ng pang-aabusong militar

alawakang pang-aabuso ng militar sa karapatang-tao ng mga Lumad na Ata-Manobo ang nabunyag sa pagsisiyasat na isinagawa sa Talaingod, Davao del Norte noong Setyembre 15. Ang pagsisiyasat ay isinagawa ng mga Lumad at ng mga tagapagtaguyod ng karapatangtao at kapayapaan bilang tugon sa mga ulat ng paglabag sa karapatangtao na nakarating sa tanggapan ng PASAKA Confederation of Lumad Organizations at ng Solidarity Action Group for Indigenous Peoples.

Nag-umpisa noong Agosto ang militarisasyon ng 60th IB ng 10th ID na may layuning buwagin ang Salugpongan Ta Tanu Igkanugon. Ang grupong ito ay isang dekada nang naninindigan at lumalaban sa malalaking kumpanyang nandarambong sa kanilang lupang ninuno. Umaabot sa 40,000 ektarya ng lupain sa Talaingod ang nakatakdang gawing taniman ng kape ng Nestlé Philippines, Inc.. Napirmahan na ang Memorandum of Agreement sa pagitan ng reaksyunaryong gubyerno at ng kumpanya.

Batay sa imbestigasyon, umaabot sa 22 elemento ng 60th IB ang nagkakampo sa Sityo Dulyan, Barangay Sto. Niño habang ang mga tropa ng Community Assistance Development (CAD), na dating Reengineered Special Operations Team (RSOT), ay sa Sityo Bagang,

Banwalay, Bugni, Laboo, Laslasakan, Nasilaban at Sambolongan sa Barangay Palma Gil. Dahil dito, biktima ang mga Ata-Manobo ng paninira sa kanilang ariarian, panghahalughog ng kanilang tirahan, pamumwersa, pananakot, pangqiqipit, at paqlabaq sa

mga karapatan sa malayang pagkilos, pakikipagugnayan at pananalita.

Kinakampuhan ng militar ang mga paaralan. Nagdudulot ito ng trauma sa kabataan ng komunidad. Iniisa-isa ng mga sundalo sa pangunguna nina Lt. Dennis Ayungo at Sgt. Christopher Oliveros ang mga bahay at sinasabihan ang mga Lumad na huwag

papasukin ang mga bata sa Salupongan Ta Tanu Igkanugon Community Learning Center habang inaakusang mga komunista at peke ang mga guro rito. Madalas na tinatakot, ginigipit at iniimbestigahan ng mga sundalo ang mga guro.

Pinagsisisira rin ng mga sundalo ang mga pananim at bakod ng mga taniman. Pwersahan ding pinagagawa ng mga sundalo ng kanilang palikuran (at ng kanilang mga kubo) ang mga Lumad. Pwersahan ding pinasasali sa Barangay Defense System, CAFGU, Civilian Volunteer Organization o Bagani Force ang mga taumbaryo. Dahil dito, natitigil ang mga rekrut sa kanilang pagtatrabaho na nagdudulot ng malawakang kagutuman sa lugar.

Pilit na nanghimasok ang mga sundalo sa imbestigasyon. Pinigilan ng mga sundalo na malayang makapaghayag ng kwento ang mga Lumad. Tatlong oras na idinetine ang mga kasapi ng tim na naq-imbestiqa kaya naantala sila sa kanilang pag-uwi. Sinita rin ang mga drayber ng tim. Pinayagan lamang na makauwi ang tim nang malaman ng mga sundalo na tinatalakay na pala sa radyo ang insidente at ilang kagawad na ng midya ang nakakaalam sa nangyayari sa tim.

Rehimeng Arroyo, lumabag sa karapatan ng mga manggagawa—ILO

alinaw na nilabag ng rehimeng Arroyo ang mga batayang karapatan ng mga manggagawang Pilipino. Ito ang resulta ng pagsisi-🖶 yasat na isinagawa ng United Nations International Labor Organization (ILO) na ginanap sa Maynila noong Setyembre 22-29 hinggil sa mga kaso ng panunupil, pananakot at pamamaslang sa mga lider at kasapi ng mga unyon sa ilalim ng Kilusang Mayo Uno (KMU).

Sa partikular, nilabag ng rehimeng Arroyo ang ILO Convention 87 on Freedom of Association (karapatang bumuo ng mga samahan) at ILO Convention 98 on the Right to Organize and Collective Bargaining (karapatang mag-organisa at kolektibong makipagtawaran). Sinabi rin ng ILO na dapat patunayan ng rehimeng Arroyo na hindi lumalahok ang gubyerno sa anumang pamamaslang ng mga lider manggagawa. Ilang panukalang batas din ang hinihiling ng ILO na ipasa upang mas lalong protektahan ang mga manggagawa laban sa karahasan. Dumalo ang mga biktima, pamilya at mga organisasyon sa ilalim ng KMU sa mga pagdinig na pinamunuan ng tatlong kinatawan ng ILO.

Umaabot na sa 92 lider manggagawa ang pinaslang ng rehimen ni Gloria Arroyo mula nang manungkulan siya noong 2001. Anim naman ang nakakulong sa kasalukuyan at ilang mga unyon ang sinupil ng estado. Ayon sa KMU, and mga ito ay malinaw na panunupil sa kilusang paggawa at marapat na imbestigahan.

Kabilang sa mga inimbestigahan ng ILO ang sumusunod:

1. Pagpaslang kay Diosdado

"Ka Fort" Fortuna, lider ng Nestlé Workers Union sa Laguna. Pinaslang siya ng mga armadong lalaki noong Setyembre 22, 2005 sa harap ng piketlayn.

- 2. Pagpatay ng mga pwersang paramilitar ng Hacienda Myrianne kay Armando Dolorosa, pangalawang tagapangulo ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) sa Negros Occidental noong Hunyo 6, 2008.
- 3. Pagkamatay ng dalawang manggagawa sa bilangguan sa Cainta, Rizal matapos magkasakit at pagkaitan ng mga batayang pangangailangan. Kabilang sila sa "Karnation 20" na ikinulong at sinampahan ng mga gawa-gawang kaso ng kanilang maneydsment.
 - 4. Pagdukot kav Rogelio

Concepcion, lider ng unyon sa Solid Enterprises sa San Ildefonso, Bulacan noong Marso 2006. Nawawala pa rin siya hanggang sa kasalukuyan.

- 5. Pamamaril kina Vicente Barrios, presidente ng unyon ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyafa Farm (NAMASUFA) sa Compostela Valley, at kasama niyang si Jerson Lastimoso noong Disvembre 2006. Napatay si Lastimoso samantalang nakaligtas si Barrios.
- 6. Pagkasugat ni Nicanor Briones, presidente ng NFSW sa Camarines Sur matapos pagbabarilin ng dalawang lalaking nakasakay sa motorsiklo.
- 7. Pagkasugat ni Joel Ascutia, tagapangulo ng CONDOR-PISTON sa Bicol, matapos barilin habang naghahanda para sa welga transportasyon noong Hulyo 13, 2009.

Iba pang reklamong inimbestigahan. Inireklamo naman ng Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan (Pamantik) ang pagbuwag sa kanilang welga at pandarahas sa mga manggagawa. Kabilang dito ang marahas na pagbuwag sa piketlayn ng Sun-Ever Light Electronics Company sa Cavite noong 2004, kung saan isang babae ang malubhang nasaktan matapos sila sugurin ng mga elemento ng Special Warfare Action Group (SWAG), mga gwardya at pulis. Ipinatutupad ang patakarang

> no union-no strike sa mga export processing zone kaya matindi ang pandarahas na sinasapit ng mga manggagawa dito.

Sa Antipolo, Rizal naman, nagtavo nq tatsment ang 16th IB sa Robina Farms, isang babuyan na pagaari ng mga Gokongwei upang mandahas at maglunsad ng kampanyang kontra-unyon. Pinararatangan ng mga sundalo ang ilang manggagawa na myembro ng Bagong Hukbong Bayan. Kamakailan ay tumanggap ng mga bagong manggagawa ang babuyan na mga dating sundalo at ahenteng paniktik para patahimikin ang nakatayong unyon.

Umaabot naman sa 250 myembro ng unyon sa Nestlé sa Laguna ang sinampahan ng mga gawa-gawang kaso bunsod ng walong taon nilang welga.

Sa Southern Mindanao, aktibong lumalahok ang mga sundalo sa kontra-manggagawang kampanya. Ilan lamang dito ang paniniktik sa upisina ng Dolefil Union sa kalagitnaan ng kanilang laban para sa Collective Bargaining Agreement. Naglunsad pa ng kampanyang kontra-unyon ang mga sundalo sa pamamagitan ng pagpunit sa mga istrimer at pagpipinta sa pader ng mga islogang naninira sa mga lider nito. Nagpatawag naman ng isang miting ang mga sundalo ng 28th IB sa pabrika ng Fresh Banana Plantations upang hikayatin ang mga manggagawa na huwaq sumali sa Unyon ng Nagkahiusang Mamumuo sa San Jose na kasapi ng KMU.

Sa Cebu, ipinaskil sa pabrika ang mga litrato ng 30 myembro ng Anita's Home Bakeshop Workers Union (AHBWU) na pinaratangang mga terorista. Aktibo rin ang antikomunistang Alliance of Nationalism and Democracy (ANAD) laban sa AHBWU at ito ang nangunguna sa pamumudmod sa mga manggagawa ng mga polyetong naglalaman ng mga kasinungalingan.

Ilan lamang ito sa mga kasong inihapag ng KMU sa ILO. Umaasa ang KMU na magkakaroon ng magandang rekomendasyon ang ILO sa pandaigdigang komunidad at madidiin ang gubyerno ni Arroyo na siyang may pakana ng ganitong panunupil.

Lider ng unyon, inaresto sa Rizal

Inaresto nitong Setyembre 21 si Declard Cangmaong, 36, lider ng unyon sa isang pagawaan ng damit sa Calamba, Laguna. Inaresto siya sa Barangay San Isidro, Angono, Rizal sa magkasamang operasyon ng militar at pulisya. Pinararatangan si Cangmaong bilang myembro ng BHB sa Mindanao na may ₱1.2 milyong patong sa ulo.

Binatikos ng Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan-Kilusang Mayo Uno (Pamantik-KMU) ang pagkakaaresto kay Cangmaong sa pagsasabing siya ay lider-unyon at hindi kasapi ng BHB.

Noong maagang bahagi naman ng Setyembre 2009, pinuntahan ng mga ahente ng 66th IB at Workers for Industrial Peace and Economic Reform (WIPER) ang iba't ibang packing plant sa Maragusan, Compostela Valley. Pinipilit nila ang mga manggagawa sa ilalim ng Maragusan United Work-

ers Union na umalis sa National Federation of Labor Union na kaanib ng KMU. Nagpalabas sila ng bidyo at nagsagawa ng oryentasyon at paninira laban kay Romualdo Basilio na tagapangulo ng KMU. Namahagi ng mga polyeto ang mga ahente na nagsasaad na si Basilio umano ay "ligal na prente ng CPP/NPA."

Ang WIPER ang makinarya ng militar na may layuning buwagin ang militanteng mga unyon at gumawa ng mga bagong unyong isasailalim sa TUCP na hawak ng reaksyunaryong gubyerno.

3,000 manggagawa at mga residente, nagprotesta

Mahigit 3,000 manggagawa ng North Harbor at mga residente ng mga komunidad malapit sa daungan ang nagmartsa noong Setyembre 21 patungong Mendiola para igiit ang katiyakan sa trabaho sa harap ng nakaambang pribatisasyon ng daungan. Ang martsa ay pinamunuan ng Alliance of Port/Transport Workers and Porters in North Harbor (APTWP-NH). Sinuportahan sila ng iba't ibang mga organisasyon ng mga marino, mga maglalako at naninirahan sa daungan. Noong Setyembre 1, tatlong libong manggagawa ang nagmartsa rin sa Mendiola para magprotesta.

Iginiit ng mga manggagawa na baguhin ang Terms of Reference ng pribatisasyon, dahil dalawang taon lamang ang itinakdang garantiya na pwede pang magtrabaho ang mga manggagawa sa daungan matapos maigawad ang kontrata.

Di bababa sa 7,000 manggagawa, maglalako, mga tsuper, nagtatrasikel at iba pa sa daungan ng North Harbor ang nakaambang mawalan ng trabaho dahil dito. Daan-daang pamilyang tumitira malapit sa daungan ang nahaharap sa banta ng demolisyon.

"Hindi kami hihinto sa pagmomobilisa ng libu-libong tao tungo sa Malacañang hangga't wala kaming katiyakan sa trabaho," pahayag ni Jake Azores, presidente ng APTWP-NH at United Dockhandlers, Inc., isang lokal na unyon. Samantala, naglunsad noong Oktubre 1 ng tigiloperasyon ang mga manggagawa ng daungan at mga residente ng North Harbor. Naparalisa nila ng kalahating araw ang operasyon sa daungan at binarikadahan ang mga tarangkahan nito.



Mga empleyado, nagprotesta laban sa planong relokasyon

Tagprotesta ang mga kasapi ng Social Welfare Employees Association of the Philippines (Sweap) noong Setyembre 18 sa planong paglipat ng dalawang pampublikong institusyong kawanggawa. Balak na ilipat ng gubyerno ang Golden Acres Home for the Aged (GA) mula sa pwesto nito sa Bago Bantay, Quezon City tungo sa Tanay, Rizal. Nilabanan din nila ang planong pagsasara ng Reception and Study Center for Children (RSCC).

Ang kinatitirikan ng GA at RSCC ay saklaw ng Quezon City Central Business District Project (QC-CBD) na balak ibenta ng gubyerno sa mga pribadong *developer* para mapagkakitaan. Kapalit nito ay palalayasin ang mahigit 227 matatanda na tumitira sa GA at mga sanggol at bata na sineserbisyuhan ng RSCC, isang bahay-ampunan.

Ayon sa Sweap, isang unyon ng mga empleyado ng DSWD na kabilang sa Confederation for the Unity, Recognition and Advancement of Government Employees o COU-RAGE, tinututulan nila ang biglaang pag-abandona ng gubyerno sa obligasyon nitong magmantini ng abot-kayang mga pasilidad para sa abandonadong matatanda sa National Capital Region (NCR).

Ayaw din ng matatanda na mailipat sila dahil sa kalayuan ng Tanay mula sa kanilang mga kamaganak. Bukod dito ay nangangamba sila sa kalapitan ng lugar sa Camp Mateo Capinpin, kung saan regular na may idinadaos na treyning-militar. Anila, maaari silang matamaan ng ligaw na bala at mabubulabog sila sa ingay na lilikhain ng mga kanyon. Mapapalayo rin sila masyado sa mga ospital at iba pang serbisyong pangkalusugang matatagpuan lamang sa Metro Manila.

Idinidiin din ng mga empleyado ng GA na hindi lahat ng mga kliyente nito ang maipapasok sa bagong pasilidad sa Tanay. Nababahala rin sila na ang binabalak na paglipat sa dalawang institusyon ay magreresulta sa maramihang tanggalan at pagbibitiw ng mga empleyado dahil sa kalayuan nito sa Metro Manila.

Maglulunsad ang Sweap ng serye ng mga aksyong protesta laban sa planong paglilipat. "Ang aming pakikibaka laban sa pribatisasyon at komersyalisasyon ay pakikibaka para proteksyunan ang serbisyong panlipunan na dapat matamasa ng sambayanang Pilipino," ayon kay Ramon Loza, tagapangulo ng Sweap.

BAYAN at ILPS, nagdaos ng kilos protesta kontra G20

Maglunsad ang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at International League of Peoples' Struggle (ILPS)—Philippines ng isang martsa protesta patungo sa US Embassy para tutulan ang Group of 20 (G20) Summit na idinaos noong Setyembre 24-25 sa Pittsburgh, Pennsylvania sa US.

Ang G20 ay binubuo ng 19 na pinakamalalaking ekonomya sa daigdig at ng European Union.

Tinuligsa ng BAYAN ang G20 dahil wala itong karapatan o katayuan na idirihe ang pandaigdigang ekonomya na lugmok sa pinakamalalang krisis mula pa noong Great Depression noong dekada 1930. Dahil di nito saklaw ang daan-daang bansa at bilyun-bilyong tao, makitid ang adyenda na itinakda ng G20 kung paano lulutasin ang

krisis.

Ayon din sa BAYAN, sa halip na isulong ang tunay na mga reporma para sa pangmatagalang solusyon, ginagamit lang ng US at ibang pinakamayayaman at pinakamakapangyarihang bansa ang G20 Summit upang bigyang-matwid ang mga depektibong patakarang neoliberal at mga nahihiwalay na multilateral na institusyon katulad ng International Monetary Fund (IMF) sa ngalan ng paglutas sa pandaig-

digang krisis pampinansya at pangekonomya.

Ang mga patakarang neoliberal na ito tulad ng pribatisasyon, liberalisasyon at deregulasyon ay ipinataw ng IMF sa maraming naghihirap na bansa.

Ayon sa BAYAN, hindi dapat payagan ng mahihirap na bansa katulad ng Pilipinas na itakda ng ilang mayayaman at makapangyarihang bansa ang adyenda sa pagharap sa pandaigdigang krisis.

Dapat tutulan ng mga ito ang panawagan ng G20 para sa ibayo pang pagbubukas ng ekonomya sa todo-largang pangangalakal at pamumuhunan at sa dagdag na mga kontribusyon sa IMF.

Samantala, sa Pittsburgh, mahigit 10,000 mamamayan ang nagrali para tutulan ang G20 Summit.



Taon XL Blg. 19 Oktubre 7, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Singilin ang rehimeng Arroyo sa kapabayaan sa mga biktima ng kalamidad

Lipinas (PKP) sa milyun-milyong biktima ng Pilipinas (PKP) sa milyun-milyong biktima ng malawakang pagbaha at pagguho ng lupa sanhi ng bagyong Ondoy at Pepeng sa maraming lugar sa Metro Manila at mga prubinsya. Sa harap ng pagkainutil ng gubyernong Arroyo, nananawagan ang PKP sa malawak na mamamayan na magtulungan at kumilos sa pag-ahon sa mga kalamidad at kahirapan.

Nananawagan din ang PKP sa la-

hat ng rebolusyonaryo at maka-

mamamayang pwersa na gawin ang lahat ng makakaya para tulungan ang mga nasalanta at lalo pang naghihirap ngayong mamamayan. Kaalinsabay nito, dapat kumilos ang mamamayang Pilipino para singilin ang rehimeng Arroyo sa kriminal na kapabayaan nito sa mga biktima ng kalamidad at responsibilidad nito sa malawakang sakunang dinanas ng mamamayan.

Pinatampok nang husto ng sakunang ito ang sukdulang kainutilan ng mga ahensya ng gubyerno na magsagawa ng mabilis at nararapat na pagsaklolo sa mga biktima. Noong kasagsagan ng mga baha sa Metro Manila, libu-libo ang natulak sa bubong ng kanilang mga tahanan at marami ang ilang araw na naghintay ng saklolong hindi dumating. Marami ang namatay at naulila. Nagpupuyos sa galit sa inutil na gubyerno ang mamamayan, laluna ang mga nakaligtas sa sariling pagsisikap at ang milyunmilyong nakasaksi sa laganap na pagdurusa nitong nakaraang ilang araw.

Sinamantala pa ng rehimeng Arroyo ang banta ng panibagong bagyo upang pwersahang ilikas ang mga maralita ng lunsod para diumano maiiwas sila sa peliqro. Pinagbabawalan sila ngayong magbalik sa kani-

lang mga dampa, samantalang wala namang maayos na paglilipatan sa kanila. Ilampung libo ngayon ang nasa mga evacuation center kung saan laganap ang gutom at

Mga tampok sa isyung ito...

Tulong sa mga nasalanta ng bagyo PAHINA 3 Rebolusyong agraryo sa hanay ng mga Manobo PAHINA 7 Ulat ng ILO sa paglabag ng rehimeng Arroyo PAHINA 14

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2. Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang Advanced
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*